# Mensahe ng Kapayapaan at Pakikiramay para sa 2019 mula sa Urdd

# Neges Heddwch ac Ewyllys Da yr Urdd 2019

Urdd



## Tinig

Mayroon tayong karapatang hindi mapahamak, at karapatang mapangalagaan at maprotektahan
Mayroon tayong karapatang ibigay ang ating opinyon at mapakinggan
Kung may digmaan, mayroon tayong karapatang manatiling ligtas at hindi piliting maging mga sundalo

Mayroon tayong kapangyarihang lakasan ang ating tinig, at karapatang marinig

May nakikinig ba? May kumikilos ba?
Ang ating SANDATA ay ang ating tinig
Sandata para sumigaw at marinig
Sandata para tumuligsa
Sandata para bumoto
Sandata para makiramay sa iba
Sandata para ipahayag ang ating mga saloobin sa pamamagitan ng sining
Sandata para makatulong sa ating tugunan ang karahasan
Sandata para makatulong sa mga nagdurusa

Sandata para magpaabot ng mensahe ng pag-asa, mensahe
ng kapayapaan at pakikiramay sa mga bata at kabataan sa mundo
Sa mga bata at mga kabataang nagdurusa dahil sa digmaan - gaya ng sa Yemen
Nakikinig kami
Sa mga bata at kabataang nabubuhay sa takot dahil sa mga
pag-atake gamit ang mga patalim - gaya ng sa London
Kasama ninyo kami
Sa mga bata at kabataang tumitindig para sa kanilang karapatan
sa edukasyon nang walang takot na mabaril - gaya ng sa USA
Naririnig namin kayo
Sa mga bata at kabataang napipilitang lumaban
sa mga digmaan sa halip na makatanggap ng edukasyon
Nilalakasan namin ang aming tinig, ang aming sandata

Ang karahasan ay nagdudulot ng karahasan, katulad ng kung paanong ang
pag-ibig ay nagdudulot ng pag-ibig, at ang pagtawa ay nagdudulot ng pagtawa

Tayo ang hinaharap. Ang pinakamalaking henerasyon ng kabataan sa kasaysayan
HINDI kami nakalimot

Ang mga bata at kabataan sa Wales ay tumitindig kasama ng mga bata at kabataan sa mundo
Nananawagan sa mundong makinig at lumaban sa karahasan at digmaan
At sabihing. TAMA NA
Ang ating sandata ay ang ating TINIG, sumama sa amin, mga bata at kabataan sa mundo at tumindig kasama namin.

## Llais

Mae 'da ni'r hawl i beidio cael niwed, a'r hawl i ofal a diogelwch
Mae 'da ni'r hawl i roi ein barn ac i rywun wrando arnom ni
Os oes rhyfel, mae 'da ni'r hawl i fod yn ddiogel a pheidio
cael ein gorfodi i fod yn filwyr

Mae gyda ni'r pŵer i godi'n llais, a'r hawl i gael ein clywed
Oes rhywun yn gwrando? Oes rhywun yn gweithredu?

Ein HARF ni yw ein llais. Arf i weiddi'n uchel a cael ein clywed
Arf i brotestio. Arf i bleidleisio. Arf i gysuro eraill
Arf i fynegi ein hunain drwy gelfyddyd.
Arf i'n helpu ni ddelio gyda thrais
Arf i gefnogi pobl sy'n dioddef

Arf i estyn neges o obaith, neges o heddwch ac
ewyllys da i blant a phobl ifanc y byd
I blant a phobl ifanc sy'n dioddef oherwydd rhyfel fel yn yr Yemen.
Rydyn ni'n gwrando
I blant a phobl ifanc sy'n byw mewn ofn o ymosodiadau
gyda chyllyll fel yn Llundain.
Rydyn ni'n uno gyda chi
I blant a phobl ifanc sy'n sefyll dros eu hawl i addysg
heb yr ofn o gael eu saethu fel yn yr Unol Daleithiau.
Rydyn ni'n clywed
I blant a phobl ifanc sy'n cael eu gorfodi i ymladd mewn
rhyfeloedd yn lle cael addysg
Rydyn ni'n codi ein llais, ein harf ni

Mae trais yn annog trais, fel mae cariad yn annog cariad,
a chwerthin yn annog chwerthin

Ni yw'r dyfodol. Y genhedlaeth ifanc fwyaf mewn hanes.
Dy'n ni HEB anghofio
Mae plant a phobl ifanc Cymru yn sefyll gyda'n gilydd a gyda phlant
a phobl ifanc y byd. Yn galw ar y byd i wrando

ac i weithredu yn erbyn trais a rhyfel

Ac i ddweud. DIGON
Ein harf ni yw ein LLAIS, dewch gyda ni,
blant a phobl ifanc y byd a sefwch gyda ni.

**#heddwch2019 #peace2019**


urdd.cymru / heddwch@urdd.org
Urdd Gobaith Cymru @Urdd urddgobaithcymru